



ANTAS NG KAHANDAAN NG MGA GURO SA SEKONDARYA SA PAGTUTURO NG ASIGNATURANG FILIPINO SA MAKABAGONG PANAHOON

Jude Earl D. Avila, Clyde M. Bingcolado, Jenny Ann E. Cabanayan, Reizin P. Mandriza,
Jeddah B. Quiño-Justol, Laugene Faith C. Amora, Myra Chell S. Cagmat

*College of Education, Tagoloan Community College, Tagoloan,
Misamis Oriental, Philippines*

<https://doi.org/10.5281/zenodo.20365405>

ABSTRACT

Layunin ng pag-aaral na ito na matukoy ang antas ng kahandaan ng mga guro sa sekondarya sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa makabagong panahon. Sinuri rin ang demograpikong perpil ng mga tagatugon batay sa edad, kasarian, kurso at major, natamong edukasyon, at taon sa pagtuturo, gayundin ang antas ng kanilang kahandaan ayon sa pamamaraan ng pagtuturo ng asignaturang Filipino at kasanayan sa paggamit ng mga makabagong kagamitan sa pagtuturo. Gumamit ang pag-aaral ng kwantitatibong disenyong deskriptibo-korelasyonal na may 40 gurong tagatugon mula sa mga pampublikong sekondaryang paaralan sa Misamis Oriental sa pamamagitan ng purposive sampling. Gumamit ng researcher-made na talatanungan na sumailalim sa validity at reliability testing at nakapagtala ng mataas na reliability coefficient (Cronbach's $\alpha = 0.981$). Sa pagsusuri ng datos, ginamit ang frequency, percentage, weighted mean, standard deviation, at Pearson Correlation upang masukat ang antas at ugnayan ng mga baryabol. Ipinakita ng resulta na karamihan sa mga tagatugon ay nasa edad 40 taon pataas (35%), babae (70%), nagtapos ng Bachelor of Secondary Education o BSEd (97.5%), may medyor sa Filipino (90%), at may antas ng edukasyong masterado (45%). Lumabas din na karamihan sa mga guro ay may 6–10 taon ng karanasan sa pagtuturo (40%). Natukoy na mataas ang antas ng kahandaan ng mga guro sa paggamit ng mga makabagong pamamaraan sa pagtuturo tulad ng contextualized examples, performance-based assessment, feedback mechanisms, at iba pang estratehiyang naaayon sa modernong edukasyon. Gayundin, lubos na mataas ang kanilang kahandaan sa paggamit ng teknolohiya tulad ng Microsoft tools, educational applications, at multimedia content sa pagtuturo. Ipinakita rin ng pagsusuri na walang makabuluhang ugnayan ang

edad, kasarian, kurso, at major sa antas ng kahandaan ng mga guro. Gayunpaman, may makabuluhang ugnayan ang natamong edukasyon at taon sa pagtuturo sa kanilang kahandaan sa pagtuturo ng Filipino sa makabagong panahon. Ipinapahiwatig ng pag-aaral na mahalagang mapanatili ang tuloy-tuloy na propesyonal na pag-unlad, integrasyon ng teknolohiya, at mga programang pagsasanay upang higit pang mapaunlad ang kakayahan ng mga guro sa makabagong sistema ng edukasyon.

Keywords: *asignaturang Filipino, kahandaan ng guro, makabagong panahon, teknolohiya sa pagtuturo, pedagogical strategies, sekondaryang edukasyon*

INTRODUCTION

Sa kasalukuyang panahon, mabilis na nagbabago ang sistema ng edukasyon dulot ng globalisasyon, modernisasyon, at patuloy na pag-unlad ng teknolohiya. Kasabay nito, nahaharap ang mga guro sa hamon ng pag-angkop sa mga makabagong pamamaraan ng pagtuturo upang matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral sa ika-21 siglong pagkatuto. Sa konteksto ng pagtuturo ng Filipino, mahalagang mapanatiling makabuluhan at epektibo ang asignatura sapagkat ito ay nagsisilbing daan sa pagpapaunlad ng kasanayan sa komunikasyon, pagpapahalaga sa kultura, at pagpapatibay ng pambansang identidad ng mga Pilipino (Iyang, 2025; Ompoc, 2023).

Hindi lamang nakatuon ang asignaturang Filipino sa paglinang ng kakayahan sa pagbasa, pagsulat, at pagsasalita, kundi maging sa pagpapayaman ng kritikal na pag-iisip at pagpapahalaga sa kulturang Pilipino. Ipinakita sa mga pag-aaral na ang pagpapahalaga sa asignaturang Filipino at ang estilo ng pagtuturo ng mga guro ay may mahalagang papel sa paghubog ng interes, partisipasyon, at pagkatuto ng mga mag-aaral (Cloribel et al., 2026). Dahil dito, mahalagang masuri kung gaano kahanda ang mga guro sa paggamit ng mga makabagong estratehiya at teknolohiya sa pagtuturo upang mapanatiling makabuluhan at interaktibo ang proseso ng pagkatuto. Sa pagpasok ng digital na panahon, inaasahan sa mga guro ang kakayahang gumamit ng iba't ibang makabagong kagamitan tulad ng multimedia presentations, online platforms, educational applications, at iba pang teknolohikal na kagamitan na makatutulong sa mas epektibong paghahatid ng aralin (Buenviaje, 2021; Quiño-Justol, 2024).

Gayunpaman, hindi maikakaila na may iba't ibang antas ng kahandaan ang mga guro pagdating sa paggamit ng teknolohiya at makabagong pamamaraan sa pagtuturo. Ang ilang guro ay mabilis na nakaaangkop sa mga pagbabagong dulot ng modernisasyon, samantalang mayroon ding nahihirapang makisabay dahil sa kakulangan sa pagsasanay, karanasan, o sapat na kaalaman sa teknolohiya. Ang mga pag-aaral tungkol sa kahandaan ng mga guro sa paggamit ng Google Classroom, integrasyon ng estratehiya, at makabagong larong pang-edukasyon ay nagpapakita na mahalagang tukuyin ang antas ng kakayahan at kahandaan ng mga guro upang mas mapahusay ang pagtuturo ng Filipino sa makabagong konteksto (Buenviaje, 2021; Sancon, 2025; Umantod & Pines, 2026). Dahil dito, mahalagang mabigyang-pansin ang kanilang antas ng kahandaan

upang matukoy ang mga aspekto na nangangailangan pa ng pagpapaunlad at suporta mula sa mga institusyong pang-edukasyon.

Sa kontekstong ito, isinagawa ang pag-aaral upang suriin ang antas ng kahandaan ng mga guro sa sekondarya sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa makabagong panahon. Partikular nitong tinutukoy ang kanilang kahandaan batay sa mga pamamaraan ng pagtuturo at kasanayan sa paggamit ng mga makabagong kagamitan sa pagtuturo. Inaasahan na sa pamamagitan ng pag-aaral na ito ay mabibigyang-linaw ang kasalukuyang kalagayan ng mga guro sa Filipino at makapagbibigay ng mga rekomendasyon upang higit pang mapahusay ang kalidad ng pagtuturo sa harap ng patuloy na pagbabago sa sistema ng edukasyon (Indita et al., 2025; D. Banagan, 2023)

Research Questions

1. Ano ang demograpikong perpil ng mga guro ayon sa:
 - 1.1 Edad,
 - 1.2 Kasarian,
 - 1.3 Kurso at Major,
 - 1.4 Natamong Edukasyon, at
 - 1.5 Taon sa Pagtuturo?
2. Ano ang antas ng kahandaan ng guro sa pagtuturo ng Filipino sa makabagong panahon ayon sa:
 - 2.1 Pamamaraan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino, at
 - 2.2 Kasanayan sa paggamit ng mga makabagong kagamitan sa pagtuturo?
3. May makabuluhang kaugnayan ba ang perpil ng mga tagatugon sa antas ng kahandaan ng guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino?

METHODOLOGY

Disenyo ng Pananaliksik

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng kwantitatibong disenyo gamit ang deskriptibong-korelasyonal na pamamaraan. Layunin nitong mailarawan ang kasalukuyang antas ng kahandaan ng mga guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa makabagong panahon, partikular sa paggamit ng mga makabagong estratehiya at teknolohiya sa pagtuturo. Ang deskriptibong disenyo ay ginamit upang masukat at mailarawan ang antas ng kahandaan ng mga guro batay sa kanilang mga tugon sa sarbey-talatanungan, samantalang ang korelasyonal na disenyo ay ginamit upang matukoy kung may makabuluhang kaugnayan ang demograpikong perpil ng mga guro sa kanilang antas ng kahandaan sa pagtuturo ng Filipino sa makabagong panahon. Ang paggamit ng deskriptibong-korelasyonal na disenyo ay angkop sa pag-aaral sapagkat nagbibigay ito ng malinaw na paglalarawan sa kasalukuyang kalagayan ng mga guro at pagsusuri sa ugnayan ng mga baryabol na may kaugnayan sa kanilang kahandaan sa makabagong sistema ng edukasyon. Ang ganitong disenyo ay karaniwang ginagamit sa mga pag-aaral na may kaugnayan sa kakayahan,

kahandaan, at estratehiya ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino at integrasyon ng teknolohiya sa edukasyon (Buenviaje, 2021; Ompoc, 2023; Indita et al., 2025).

Lugar ng Pananaliksik

Isinagawa ang pag-aaral sa mga pampublikong sekundaryang paaralan sa Misamis Oriental, partikular sa mga lungsod ng Jasaan, Villanueva, at Tagoloan. Pinili ang mga lugar na ito dahil sa pagkakaroon ng sapat na bilang ng mga gurong nagtuturo ng asignaturang Filipino sa sekondarya. Ang mga paaralang kabilang sa pag-aaral ay Jasaan National High School, Villanueva National High School, at Tagoloan National High School, Misamis Oriental, Philippines.

Mga Tagatugon at Paraan ng Pagkuha ng Sampol

Ang mga tagatugon sa pag-aaral ay binubuo ng apatnapung (40) guro sa sekondarya na nagtuturo ng asignaturang Filipino sa mga pampublikong paaralan sa Misamis Oriental. Sa kabuuang bilang ng mga tagatugon, dalawampu't walo (28) ay babae at labindalawa (12) ay lalaki. Gumamit ang mga mananaliksik ng purposive sampling upang matiyak na ang mga kalahok ay may sapat na karanasan at kaalaman sa pagtuturo ng asignaturang Filipino at paggamit ng makabagong teknolohiya sa pagtuturo. Ang pamamaraang ito ay angkop dahil sadyang pinili ang mga gurong direktang may kaugnayan sa layunin ng pag-aaral. Sa pamamagitan ng purposive sampling, natitiyak na ang mga kalahok ay may sapat na kakayahan at karanasang makapagbigay ng makabuluhang impormasyon hinggil sa kahandaan ng mga guro sa makabagong panahon. Ang paggamit ng ganitong pamamaraan ay karaniwan sa mga pananaliksik na nakatuon sa pagsusuri ng kasanayan, estratehiya, at kahandaan ng mga guro sa larangan ng pagtuturo ng Filipino at integrasyon ng teknolohiya sa edukasyon (Indita et al., 2025; Buenviaje, 2021; Sancon, 2025).

Instrumento ng Pananaliksik

Ang instrumentong ginamit sa pag-aaral ay isang researcher-made na sarbey-talatanungan. Ang talatanungan ay binubuo ng tatlong bahagi. Ang unang bahagi ay tumutukoy sa demograpikong perpil ng mga tagatugon tulad ng edad, kasarian, kurso at major, natamong edukasyon, at taon sa pagtuturo. Ang ikalawang bahagi naman ay nakatuon sa antas ng kahandaan ng mga guro ayon sa kanilang pamamaraan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Samantalang ang ikatlong bahagi ay tumutukoy sa kanilang kasanayan sa paggamit ng mga makabagong kagamitan sa pagtuturo. Ang instrumento ay sumailalim sa validity at reliability testing at nakapagtala ng mataas na reliability coefficient na Cronbach's Alpha na 0.981, na nagpapahiwatig na ang talatanungan ay may mataas na antas ng pagiging maaasahan at konsistensi sa pagsukat ng mga baryabol ng pag-aaral. Mahalaga ang paggamit ng balido at maaasahang instrumento upang matiyak ang katumpakan ng mga datos na makakalap at maging mapagkakatiwalaan ang resulta ng pananaliksik. Ang paggamit ng researcher-made questionnaire ay karaniwang ginagamit sa mga pag-aaral na tumatalakay sa

kahandaan, estratehiya, at kakayahan ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino at paggamit ng teknolohiya sa edukasyon (Buenviaje, 2021; Ompoc, 2023; D. Banagan, 2023).

Pamamaraan ng Pangangalap ng Datos

Sa pangangalap ng datos, nagsumite muna ang mga mananaliksik ng pormal na liham-pahintulot sa mga kinauukulang opisyal ng paaralan upang maisagawa ang pag-aaral. Matapos makuha ang pahintulot, isinagawa ang pamamahagi ng sarbey-talatanungan sa mga gurong tagatugon. Ipinaliwanag muna sa mga kalahok ang layunin ng pag-aaral at tiniyak ang kanilang boluntaryong partisipasyon sa pamamagitan ng informed consent. Ang mga talatanungan ay personal na ipinamahagi at kinolekta ng mga mananaliksik upang matiyak ang maayos na pangangalap ng datos. Tiniyak din ang pagiging kumpidensyal ng lahat ng impormasyong nakalap mula sa mga tagatugon.

Pamamaraan ng Pagsusuri ng Datos

Ginamit ang iba't ibang kagamitang estadistikal upang masuri ang mga nakalap na datos. Ginamit ang frequency at percentage upang matukoy ang distribusyon ng demograpikong perpil ng mga tagatugon. Samantala, ginamit ang weighted mean at standard deviation upang masukat ang antas ng kahandaan ng mga guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa makabagong panahon. Upang matukoy naman kung may makabuluhang kaugnayan ang demograpikong perpil ng mga guro at kanilang antas ng kahandaan, ginamit ang Pearson Product Moment Correlation o Pearson's r .

Saklaw at Limitasyon ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagsusuri ng antas ng kahandaan ng mga guro sa sekondarya sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa makabagong panahon, partikular sa kanilang pamamaraan sa pagtuturo at kasanayan sa paggamit ng mga makabagong kagamitan sa pagtuturo. Saklaw lamang nito ang apatnapung (40) guro sa pampublikong sekundaryang paaralan sa Misamis Oriental sa taong panuruan 2024–2025. Ang mga baryabol na isinama sa pag-aaral ay edad, kasarian, kurso at major, natamong edukasyon, at taon sa pagtuturo. Hindi kasama sa saklaw ng pag-aaral ang mga guro mula sa pribadong paaralan, mga guro ng ibang asignatura, at mga guro mula sa ibang rehiyon. Dahil dito, ang resulta ng pag-aaral ay limitado lamang sa mga gurong kabilang sa pag-aaral at hindi maaaring gawing pangkalahatang batayan sa lahat ng guro sa Pilipinas.

RESULTS

Suliranin 1. Ano ang demograpikong perpil ng mga guro ayon sa edad, kasarian, kurso at major, natamong edukasyon, at taon sa pagtuturo?

Talahanayan 1. Distribusyon ng Perpil ng mga Guro Ayon sa Edad

Grupo ng Edad	Bilang (f)	Bahagdan (%)
20–25 taon	0	0

26–30 taon	8	20
31–35 taon	12	30
36–40 taon	6	15
40 taon pataas	14	35
Kabuuan	40	100

Ipinapakita sa talahanayan na ang pinakamaraming bilang ng mga guro ay nasa edad 40 taon pataas na may 14 o 35% ng kabuuang bilang ng mga tagatugon. Sumunod naman ang mga gurong nasa edad 31–35 taong gulang na may 12 o 30%. Ang mga nasa edad 26–30 taong gulang ay may 8 o 20%, habang ang nasa edad 36–40 ay may 6 o 15%. Kapansin-pansin na walang gurong kabilang sa edad 20–25 taong gulang.

Ipinapakita ng resulta na karamihan sa mga guro ay may sapat na taon ng karanasan sa pagtuturo. Gayunpaman, maaaring nagpapahiwatig din ito ng kakulangan ng mga bagong gurong pumapasok sa larangan ng pagtuturo ng Filipino. Ang kawalan ng mas batang guro ay maaaring makaapekto sa mabilis na pag-angkop sa mga makabagong teknolohiya at estratehiya sa pagtuturo. Ayon kay Noval (2023), isa sa mga hamong kinaharap ng mga guro sa Filipino sa panahon ng pandemya ay ang pag-angkop sa mga makabagong pamamaraan at teknolohiya sa pagtuturo, kung saan mas naging mahalaga ang kakayahang makaagapay sa digital na edukasyon. Kaugnay nito, ipinakita rin sa pag-aaral nina Umantod at Pines (2026) na ang mga guro ay kinakailangang maging bukas sa paggamit ng makabagong kagamitang pang-edukasyon upang mapanatiling interaktibo at epektibo ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Samantala, binigyang-diin ni Buenviaje (2021) na ang kahandaan ng mga guro sa paggamit ng mga digital platform tulad ng Google Classroom ay mahalagang salik sa matagumpay na integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ng Filipino. Dahil dito, mahalagang magkaroon ng tuloy-tuloy na pagsasanay at professional development programs upang mapanatili at mapalawak ang kakayahan ng mga guro sa makabagong sistema ng edukasyon.

Talahanayan 2. Distribusyon ng Perpil ng mga Guro Ayon sa Kasarian

Kasarian	Bilang (f)	Bahagdan (%)
Babae	28	70
Lalaki	12	30
Kabuuan	40	100

Makikita sa talahanayan na mas mataas ang bilang ng mga babaeng guro na may 28 o 70%, samantalang 12 o 30% lamang ang mga lalaking guro. Ipinapakita ng resulta na ang pagtuturo ng asignaturang Filipino ay mas pinangungunahan ng kababaihan. Maaaring ito ay dahil mas maraming kababaihan ang pumipili ng kursong may kaugnayan sa edukasyon at wika. Ipinapahiwatig din nito na maaaring mas nakapokus ang kanilang pamamaraan sa paghubog ng komunikasyon, damdamin, at pagpapahalagang pangkultura sa mga mag-aaral. Ayon kina Martija at Martija (2025), mahalagang salik sa pagkatuto ng mga mag-aaral ang estilo ng pagtuturo ng mga guro at ang kanilang pagpapahalaga sa asignaturang Filipino, sapagkat nakaaapekto ito sa interes at partisipasyon ng mga mag-aaral sa klase. Kaugnay nito, binigyang-diin ni Iyang (2025) na ang wikang Filipino ay mahalagang instrumento sa pagpapalawak ng batayang

kaalaman at pagpapatibay ng identidad at kultura ng mga Pilipino, kaya mahalagang maging epektibo at makatao ang pamamaraan ng pagtuturo nito. Dagdag pa rito, ipinakita ni Dela Peña (2023) na ang saloobin at kahandaan ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino ay may malaking impluwensya sa matagumpay na pagpapatupad ng kurikulum at sa paghubog ng makabuluhang karanasan sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Talahanayan 3. Distribusyon ng Perpil ng mga Guro Ayon sa Kurso

Kurso	Bilang (f)	Bahagdan (%)
Bachelor of Secondary Education (BSEd)	39	97.5
Iba pang Kurso	1	2.5
Kabuuan	40	100

Batay sa talahanayan, halos lahat ng mga guro ay nagtapos ng Bachelor of Secondary Education na may 39 o 97.5%, habang isa lamang o 2.5% ang nagtapos ng ibang kurso. Ipinapakita ng datos na karamihan sa mga gurong nagtuturo ng Filipino ay may espesyalisadong edukasyon sa larangan ng pagtuturo. Positibo itong indikasyon sapagkat nangangahulugan itong may sapat silang pedagogical knowledge at pagsasanay sa pagtuturo ng asignatura. Mahalaga ang pagkakaroon ng wastong akademikong paghahanda upang maging epektibo ang pagtuturo ng Filipino, lalo na sa paggamit ng iba't ibang estratehiya at pamamaraang naaayon sa pangangailangan ng mga mag-aaral. Ayon kay Om poc (2023), mahalagang taglay ng mga guro sa Filipino ang sapat na kakayahan sa paglinang ng komunikasyon at pananaliksik upang maging makabuluhan ang proseso ng pagkatuto sa senior high school. Kaugnay nito, ipinakita ni D. Banagan (2023) na ang paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo ay nakatutulong sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagkatuto at akademikong performans ng mga mag-aaral sa Filipino. Dagdag pa rito, binigyang-diin nina Israel at Villanueva (2026) na ang mga estratehiyang ginagamit ng mga guro ay may mahalagang papel sa pagpapaunlad ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral, kaya kinakailangang ang mga guro ay may sapat na kaalaman at paghahanda sa larangan ng pagtuturo ng asignaturang Filipino.

Talahanayan 4. Distribusyon ng Perpil ng mga Guro Ayon sa Major

Major	Bilang (f)	Bahagdan (%)
Medyor sa Filipino	36	90
Di-Medyor sa Filipino	4	10
Kabuuan	40	100

Makikita sa talahanayan na 36 o 90% ng mga guro ay may medyor sa Filipino, habang 4 o 10% naman ang hindi medyor sa nasabing asignatura. Ipinapahiwatig nito na karamihan sa mga guro ay may sapat na espesyalisasyon sa asignaturang kanilang itinuturo. Gayunpaman, may ilang gurong nagtuturo ng Filipino kahit hindi ito ang kanilang pangunahing espesyalisasyon, na maaaring bunga ng kakulangan ng guro sa ilang paaralan. Mahalaga ang pagkakaroon ng espesyalisasyon sa asignaturang Filipino upang matiyak ang malalim na kaalaman sa gramatika, komunikasyon, panitikan, at iba pang mahahalagang sangkap ng asignatura. Ayon kay Om poc (2023), kinakailangan ng mga guro sa Filipino ang mataas na antas ng kakayahan sa pagtuturo ng komunikasyon

at pananaliksik upang maging mas epektibo ang paglinang ng kasanayan ng mga mag-aaral. Kaugnay nito, binigyang-diin ni Iyang (2025) na mahalaga ang wikang Filipino bilang instrumento sa pagpapaunlad ng batayang kaalaman at pambansang identidad, kaya kinakailangan ang mga gurong may sapat na espesyalisasyon at kahandaan sa pagtuturo nito. Dagdag pa rito, ipinakita ni Sancon (2025) na ang integrasyon ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo ng Filipino ay higit na nagiging epektibo kapag ang guro ay may sapat na kaalaman at kasanayan sa asignaturang kanyang itinuturo. Dahil dito, mahalagang mabigyan ng sapat na suporta at pagsasanay ang mga gurong hindi medyor sa Filipino upang mapanatili ang kalidad ng pagtuturo sa asignatura.

Talahanayan 5. Distribusyon ng Perpil ng mga Guro Ayon sa Natamong Edukasyon

Natamong Edukasyon	Bilang (f)	Bahagdan (%)
Doktorado	2	5
May Yunit sa Doktoral	0	0
Masterado	18	45
May Yunit sa Masteral	9	22.5
Batsilyer	11	27.5
Kabuuan	40	100

Ipinapakita sa talahanayan na karamihan sa mga guro ay may antas ng edukasyong masterado na may 18 o 45%. Sumunod dito ang mga gurong may yunit sa masteral na may 9 o 22.5%, habang 11 o 27.5% naman ang nagtapos lamang ng batsilyer. Dalawa o 5% lamang ang may doktorado.

Ipinapakita ng resulta na marami sa mga guro ang nagpapatuloy sa kanilang propesyonal na pag-unlad sa pamamagitan ng pagkuha ng graduate studies. Ipinahihiwatig din nito ang kanilang hangarin na mapalawak pa ang kanilang kaalaman at kakayahan sa pagtuturo. Ang pagpapatuloy sa mas mataas na antas ng edukasyon ay mahalagang hakbang upang mas mapalalim ang pedagogical knowledge, pananaliksik, at kakayahan ng mga guro sa paggamit ng makabagong estratehiya sa pagtuturo. Ayon kay Dela Peña (2023), mahalagang salik ang kahandaan at positibong saloobin ng mga guro sa matagumpay na pagpapatupad ng kurikulum sa Filipino, at isa sa mga paraan upang mapalawak ito ay ang patuloy na propesyonal na pag-unlad. Kaugnay nito, ipinakita nina Indita et al. (2025) na ang kahandaan ng mga gurong magsasanay sa pagtuturo ng Filipino ay higit na napauunlad sa pamamagitan ng sapat na akademikong paghahanda at pagsasanay. Dagdag pa rito, binigyang-diin ni Quiño-Justol (2024) na mahalaga ang patuloy na paglinang ng kaalaman at kasanayan ng mga guro, lalo na sa paggamit ng teknolohiya at mga makabagong kagamitan sa edukasyon, upang mas epektibong matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral sa makabagong panahon.

Talahanayan 6. Distribusyon ng Perpil ng mga Guro Ayon sa Taon sa Pagtuturo

Taon sa Pagtuturo	Bilang (f)	Bahagdan (%)
1–5 taon	11	27.5
6–10 taon	16	40
11–15 taon	10	25

16–20 taon	1	2.5
21 taon pataas	2	5
Kabuuan	40	100

Batay sa talahanayan, pinakamarami sa mga guro ay may 6–10 taon ng karanasan sa pagtuturo na may 16 o 40%. Sumunod ang may 1–5 taon na may 11 o 27.5%, at 11–15 taon na may 10 o 25%. Ipinapakita ng resulta na karamihan sa mga guro ay nasa gitnang yugto ng kanilang propesyon. Nangangahulugan ito na mayroon na silang sapat na karanasan sa pagtuturo habang patuloy pa ring nakaaangkop sa mga pagbabago at modernisasyon sa edukasyon. Ang mga gurong may ilang taon nang karanasan ay karaniwang nakabubuo ng mas epektibong estratehiya sa pagtuturo at mas nagiging flexible sa pagharap sa iba’t ibang pangangailangan ng mga mag-aaral. Ayon kay Noval (2023), ang mga karanasan ng mga guro sa Filipino sa panahon ng pandemya ay nagpakita ng kahalagahan ng adaptability at resiliency sa gitna ng mabilis na pagbabago sa sistema ng edukasyon. Kaugnay nito, ipinakita nina Umantod at Pines (2026) na ang paggamit ng makabagong larong pang-edukasyon at iba pang inobatibong pamamaraan ay mas nagiging epektibo kapag ang mga guro ay may sapat na karanasan at kakayahang mag-adjust sa mga bagong trend sa pagtuturo. Dagdag pa rito, binigyang-diin ni Sancon (2025) na ang integrasyon ng iba’t ibang estratehiya sa pagtuturo ng Filipino ay nakatutulong upang mapanatiling makabuluhan at makabago ang proseso ng pagkatuto, lalo na sa mga gurong may sapat nang exposure sa iba’t ibang sitwasyon sa pagtuturo.

Suliranin 2. Ano ang antas ng kahandaan ng guro sa pagtuturo ng Filipino sa makabagong panahon?

Talahanayan 7. Antas ng Kahandaan ng mga Guro Ayon sa Pamamaraan sa Pagtuturo

Indikador	Mean	Interpretasyon
Paggamit ng contextualized examples	4.52	Lubos na Mataas na Kahandaan
Pagbibigay ng feedback	4.47	Lubos na Mataas na Kahandaan
Paggamit ng performance-based assessment	4.50	Lubos na Mataas na Kahandaan
Pag-angkop ng estratehiya sa pangangailangan ng mag-aaral	4.45	Lubos na Mataas na Kahandaan
Kabuuang Mean	4.49	Lubos na Mataas na Kahandaan

Makikita sa talahanayan na ang kabuuang mean para sa pamamaraan sa pagtuturo ay 4.49 na may interpretasyong “Lubos na Mataas na Kahandaan.” Ipinapakita nito na handang-handa ang mga guro sa paggamit ng iba’t ibang makabagong estratehiya sa pagtuturo ng Filipino.

Ipinapahiwatig ng resulta na may kakayahan ang mga guro na gawing makabuluhan at interaktibo ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang paggamit ng contextualized examples at performance-based assessment ay nagpapakita ng kanilang pagiging malikhain at makabagong tagapaguro. Ang mga estratehiyang ito ay mahalaga upang maging mas

konektado ang mga aralin sa tunay na karanasan ng mga mag-aaral at higit na mapalalim ang kanilang pag-unawa sa asignaturang Filipino. Ayon kay D. Banagan (2023), ang paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo ay may positibong epekto sa kasanayan sa pagkatuto at akademikong performans ng mga mag-aaral sa Filipino. Kaugnay nito, ipinakita nina Israel at Villanueva (2026) na ang epektibong estratehiya ng mga guro ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral, na mahalagang bahagi ng pagkatuto sa asignaturang Filipino. Dagdag pa rito, binigyang-diin ni Sancon (2025) na ang integrasyon ng makabagong estratehiya sa pagtuturo ay mahalagang salik upang maging mas makabuluhan, aktibo, at learner-centered ang proseso ng pagkatuto sa tersyaryang antas. Dahil dito, ipinapakita ng resulta na ang mga guro ay hindi lamang handa sa tradisyunal na pagtuturo kundi maging sa paggamit ng mga makabagong pamamaraang naaayon sa pangangailangan ng ika-21 siglong edukasyon.

Talahanayan 8. Antas ng Kahandaan ng mga Guro Ayon sa Kasanayan sa Paggamit ng Makabagong Kagamitan

Indikador	Mean	Interpretasyon
Paggamit ng Microsoft tools	4.60	Lubos na Mataas na Kahandaan
Paggamit ng multimedia presentations	4.55	Lubos na Mataas na Kahandaan
Paggamit ng educational applications	4.50	Lubos na Mataas na Kahandaan
Paggamit ng online platforms	4.48	Lubos na Mataas na Kahandaan
Kabuuang Mean	4.53	Lubos na Mataas na Kahandaan

Makikita sa talahanayan na ang kabuuang mean para sa kasanayan sa paggamit ng makabagong kagamitan ay 4.53 na may interpretasyong “Lubos na Mataas na Kahandaan.”

Ipinapakita ng resulta na komportable at may sapat na kasanayan ang mga guro sa paggamit ng iba't ibang teknolohiya sa pagtuturo. Ipinahihiwatig nito na nakasabay ang mga guro sa mabilis na pagbabago sa sistema ng edukasyon at nagagamit nila ang teknolohiya upang higit na mapahusay ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang paggamit ng multimedia presentations, online platforms, at educational applications ay nagpapakita na ang mga guro ay may kakayahang magbigay ng mas interaktibo, kolaboratibo, at makabuluhang karanasan sa pagkatuto. Ayon kay Buenviaje (2021), mahalaga ang kahandaan ng mga guro sa paggamit ng Google Classroom at iba pang digital platforms upang maging matagumpay ang integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ng Filipino. Kaugnay nito, binigyang-diin ni Quiño-Justol (2024) na ang paggamit ng assistive technology at iba pang makabagong kagamitang pang-edukasyon ay may mahalagang kontribusyon sa pagpapabuti ng kalidad ng pagtuturo at pagkatuto sa loob ng silid-aralan. Dagdag pa rito, ipinakita nina Umantod at Pines (2026) na ang paggamit ng makabagong larong pang-edukasyon at teknolohiya ay nakatutulong upang mapanatiling aktibo, masigla, at kawili-wili ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Dahil dito, ipinapakita ng resulta na ang mga guro ay handa at may kakayahang gamitin ang teknolohiya bilang mahalagang kasangkapan sa makabagong edukasyon.

Suliranin 3. May makabuluhang kaugnayan ba ang perpil ng mga tagatugon sa antas ng kahandaan ng guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino?

Talahanayan 9. Ugnayan ng Demograpikong Perpil at Antas ng Kahandaan ng mga Guro

Baryabol	p-value	Desisyon	Interpretasyon
Edad	>0.05	Tanggapin ang Ho	Walang makabuluhang ugnayan
Kasarian	>0.05	Tanggapin ang Ho	Walang makabuluhang ugnayan
Kurso at Major	>0.05	Tanggapin ang Ho	Walang makabuluhang ugnayan
Natamong Edukasyon	<0.05	Tanggihan ang Ho	May makabuluhang ugnayan
Taon sa Pagtuturo	<0.05	Tanggihan ang Ho	May makabuluhang ugnayan

Batay sa resulta ng pagsusuri, walang makabuluhang ugnayan ang edad, kasarian, kurso, at major sa antas ng kahandaan ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino sa makabagong panahon. Gayunpaman, natukoy na may makabuluhang ugnayan ang natamong edukasyon at taon sa pagtuturo sa antas ng kahandaan ng mga guro.

Ipinapakita nito na ang mas mataas na antas ng edukasyon ay may positibong epekto sa kahandaan ng mga guro sa paggamit ng makabagong estratehiya at teknolohiya sa pagtuturo. Ang mga gurong nagpapatuloy sa graduate studies ay nagkakaroon ng mas malawak na kaalaman, exposure sa mga bagong pedagogical approaches, at mas mataas na antas ng propesyonal na kakayahan. Ayon kina Indita et al. (2025), ang kahandaan ng mga gurong magsasanay sa pagtuturo ng Filipino ay higit na napauunlad sa pamamagitan ng sapat na akademikong paghahanda at tuloy-tuloy na pagsasanay. Kaugnay nito, binigyang-diin ni Quiño-Justol (2024) na mahalaga ang patuloy na paglinang ng digital competence at paggamit ng teknolohiya upang matugunan ng mga guro ang iba't ibang pangangailangan ng mga mag-aaral sa makabagong panahon.

Samantala, ipinahihiwatig din ng resulta na ang mas matagal na pananatili sa serbisyo ay maaaring makaapekto sa kakayahan ng ilang guro na mabilis na makaangkop sa mga bagong pamamaraan kung hindi sila patuloy na nabibigyan ng sapat na pagsasanay at professional development programs. Ayon kay Noval (2023), isa sa mga hamon ng mga guro sa Filipino ay ang pag-angkop sa mabilis na pagbabago sa sistema ng edukasyon, lalo na sa paggamit ng mga digital at online platforms sa pagtuturo. Dagdag pa rito, ipinakitang ni Buenviaje (2021) na mahalaga ang regular na pagsasanay at suporta sa teknolohiya upang mapanatili ang kahandaan ng mga guro sa paggamit ng makabagong kagamitang pang-edukasyon. Dahil dito, mahalagang ipagpatuloy ng mga institusyong pang-edukasyon ang pagbibigay ng seminar, workshop, at professional development programs upang matiyak na ang mga guro ay patuloy na magiging handa at epektibo sa pagtuturo ng Filipino sa makabagong panahon.

DISCUSSION

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa upang masuri ang antas ng kahandaan ng mga guro sa sekondarya sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa makabagong panahon. Batay sa resulta ng pag-aaral, lumitaw na karamihan sa mga guro ay nasa edad 40 taon pataas, babae, nagtapos ng Bachelor of Secondary Education, may medyor sa Filipino, at may antas ng edukasyong masterado. Ipinapakita ng mga datos na ang karamihan sa mga gurong nagtuturo ng Filipino ay may sapat na karanasan at espesyalisasyon sa kanilang larangan. Ang pagkakaroon ng mataas na bilang ng mga gurong may graduate studies ay nagpapahiwatig ng kanilang hangarin para sa patuloy na propesyonal na pag-unlad at pagpapahusay ng kanilang kakayahan sa pagtuturo. Ayon kina Dela Peña (2023) at Indita et al. (2025), mahalaga ang sapat na akademikong paghahanda at propesyonal na pag-unlad upang mapanatili ang kalidad ng pagtuturo at kahandaan ng mga guro sa Filipino. Kaugnay nito, binigyang-diin ni Om poc (2023) na kinakailangan ng mga guro ang mataas na antas ng kakayahan sa pagtuturo ng komunikasyon at pananaliksik upang maging mas epektibo ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Gayunpaman, kapansin-pansin din ang kawalan ng mga gurong nasa edad 20–25 taong gulang. Maaaring ipinapakita nito ang kakulangan ng mga bagong gurong pumapasok sa larangan ng pagtuturo ng Filipino. Ang sitwasyong ito ay maaaring magdulot ng hamon sa pagpapatuloy ng integrasyon ng mga makabagong teknolohiya at inobatibong estratehiya sa pagtuturo, sapagkat mas madalas na mas mabilis makaangkop ang mga nakababatang guro sa paggamit ng digital tools at modernong pamamaraan sa edukasyon. Sa kabilang banda, ipinapakita rin ng mataas na bilang ng mga gurong may 6–10 taon ng karanasan sa pagtuturo na ang karamihan sa mga kalahok ay nasa gitnang yugto ng kanilang propesyon kung saan taglay nila ang balanse ng karanasan at kakayahang makaangkop sa pagbabago. Ayon kay Paja et al. (2025), isa sa mga pangunahing hamon ng mga guro sa Filipino ay ang pag-angkop sa mabilis na pagbabago ng sistema ng edukasyon lalo na sa paggamit ng teknolohiya sa panahon ng pandemya. Dagdag pa rito, ipinapakita nina Umantod at Pines (2026) na ang paggamit ng makabagong larong pang-edukasyon ay nakatutulong sa pagpapanatiling aktibo at makabago ng proseso ng pagtuturo sa asignaturang Filipino.

Sa usapin naman ng kasarian, lumitaw na mas maraming babae kaysa lalaki ang nagtuturo ng asignaturang Filipino. Ipinapakita nito na nananatiling dominado ng kababaihan ang larangan ng edukasyon, lalo na sa asignaturang nakatuon sa wika at komunikasyon. Maaari ring magpahiwatig ito na ang pagtuturo ng Filipino ay mas inuugnay sa mga katangiang may kaugnayan sa empatiya, komunikasyon, at paghubog ng pagpapahalaga, na madalas na inuugnay sa kababaihan. Gayunpaman, hindi nangangahulugan na limitado lamang sa isang kasarian ang pagiging epektibong guro, sapagkat ipinapakita rin sa resulta na walang makabuluhang ugnayan ang kasarian sa antas ng kahandaan ng mga guro. Ayon kina Martija at Martija (2025), mahalagang salik sa pagkatuto ng mga mag-aaral ang estilo ng pagtuturo at pagpapahalaga ng mga guro sa asignaturang Filipino. Kaugnay nito, binigyang-diin ni Iyang (2025) na ang wikang Filipino ay mahalagang instrumento sa pagpapatibay ng pambansang identidad at pagpapalawak ng batayang kaalaman ng mga mag-aaral.

Lumabas din sa resulta na halos lahat ng mga guro ay nagtapos ng kursong Bachelor of Secondary Education at may medyor sa Filipino. Ipinapahiwatig nito na karamihan sa mga guro ay may sapat na akademikong paghahanda at espesyalisasyon sa asignaturang kanilang itinuturo. Mahalaga ito sapagkat ang pagkakaroon ng sapat na kaalaman sa nilalaman ng asignatura ay nakatutulong upang maging mas epektibo ang paghahatid ng aralin at pagbuo ng mga estratehiyang naaayon sa pangangailangan ng mga mag-aaral. Gayunpaman, may ilang gurong nagtuturo ng Filipino kahit hindi ito ang kanilang medyor, na maaaring bunga ng kakulangan ng mga gurong espesyalisado sa asignaturang ito sa ilang paaralan. Ayon kina Israel at Villanueva (2026), ang mga estratehiyang ginagamit ng mga guro ay may mahalagang papel sa pagpapaunlad ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral. Dagdag pa rito, ipinakita ni D. Banagan (2023) na ang paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo ay nakatutulong sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagkatuto at performans ng mga mag-aaral sa Filipino.

Batay naman sa antas ng kahandaan ng mga guro ayon sa pamamaraan sa pagtuturo, lumabas na lubos na mataas ang kanilang kahandaan sa paggamit ng contextualized examples, performance-based assessment, pagbibigay ng feedback, at pag-aangkop ng estratehiya sa pangangailangan ng mga mag-aaral. Ipinapakita nito na ang mga guro ay may kakayahang gawing makabuluhan, interaktibo, at learner-centered ang proseso ng pagkatuto. Ang paggamit ng contextualized examples ay nagpapahiwatig na naiuugnay ng mga guro ang mga aralin sa aktwal na karanasan at konteksto ng mga mag-aaral, na mahalaga upang maging mas malinaw at makabuluhan ang pagkatuto. Ayon kay Sancon (2025), ang integrasyon ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo ng Filipino ay mahalagang salik upang maging mas aktibo at makabuluhan ang proseso ng pagkatuto sa makabagong panahon. Kaugnay nito, ipinakita nina Cloribel et al. (2026) na ang kapaligirang pampagkatuto at epektibong estratehiya sa pagtuturo ay may positibong epekto sa antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Dagdag pa rito, ipinakita ni Jayani (2025) na ang paggamit ng iba't ibang pamamaraan tulad ng palitkoda ay maaaring makatulong sa pagpapadali ng pag-unawa at partisipasyon ng mga mag-aaral sa klase.

Gayundin, ipinakita ng resulta na lubos ding mataas ang antas ng kahandaan ng mga guro sa paggamit ng makabagong kagamitan sa pagtuturo tulad ng Microsoft tools, multimedia presentations, educational applications, at online platforms. Ipinapakita nito na ang mga guro ay nakasabay sa mabilis na pagbabago ng sistema ng edukasyon at nagagamit nila ang teknolohiya upang mapahusay ang kalidad ng kanilang pagtuturo. Mahalaga ito lalo na sa kasalukuyang panahon kung saan ang teknolohiya ay naging mahalagang bahagi ng proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Ang pagiging komportable ng mga guro sa paggamit ng teknolohiya ay nagpapahiwatig na kaya nilang magpatupad ng mas makabago at mas epektibong pamamaraan ng pagtuturo na naaayon sa pangangailangan ng ika-21 siglong mag-aaral. Ayon kay Buenviaje (2021), mahalaga ang kahandaan ng mga guro sa paggamit ng Google Classroom at iba pang digital platforms upang maging matagumpay ang integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ng Filipino. Kaugnay nito, binigyang-diin ni Quiño-Justol (2024) na ang paggamit ng assistive technology at iba pang makabagong kagamitang pang-edukasyon ay may mahalagang kontribusyon sa pagpapabuti ng kalidad ng pagtuturo at pagkatuto sa loob ng silid-aralan.

Dagdag pa rito, ipinakita ni De Mesa (2022) na mahalaga rin ang wastong paggamit ng mga makabagong pamamaraan at ortograpiya upang maging mas epektibo at malinaw ang pagtuturo ng wika sa mga mag-aaral.

Sa pagsusuri ng ugnayan ng demograpikong perpil at antas ng kahandaan ng mga guro, lumabas na walang makabuluhang ugnayan ang edad, kasarian, kurso, at major sa kanilang antas ng kahandaan sa pagtuturo ng Filipino sa makabagong panahon. Ipinapakita nito na ang kahandaan ng isang guro ay hindi lamang nakabatay sa kanilang edad, kasarian, o espesyalisasyon, kundi maaaring nakaaapekto rin ang kanilang personal na motibasyon, dedikasyon, at kakayahang umangkop sa pagbabago. Gayunpaman, natukoy na may makabuluhang ugnayan ang natamong edukasyon at taon sa pagtuturo sa antas ng kahandaan ng mga guro. Ipinapakita nito na ang mas mataas na antas ng edukasyon ay may positibong impluwensya sa kakayahan ng mga guro na gumamit ng makabagong estratehiya at teknolohiya sa pagtuturo. Ang mga gurong nagpapatuloy sa graduate studies ay mas nagkakaroon ng mas malawak na kaalaman, kasanayan, at exposure sa mga bagong pedagogical approaches. Sa kabilang banda, ipinapahiwatig din ng resulta na ang mas matagal na pananatili sa serbisyo ay maaaring makaapekto sa kakayahan ng ilang guro na mabilis makaangkop sa mga pagbabago, lalo na kung kulang sila sa tuloy-tuloy na pagsasanay at professional development programs. Ayon kina Indita et al. (2025) at Quiño-Justol (2024), mahalagang mapanatili ang tuloy-tuloy na professional development upang mapalawak ang digital competence at pedagogical skills ng mga guro sa makabagong edukasyon.

Sa kabuuan, ipinapakita ng pag-aaral na mataas ang antas ng kahandaan ng mga guro sa sekondarya sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa makabagong panahon. Gayunpaman, mahalaga pa ring mapanatili ang tuloy-tuloy na pagsasanay, professional development, at integrasyon ng teknolohiya upang higit pang mapaunlad ang kalidad ng pagtuturo at matiyak na ang mga guro ay patuloy na makasasabay sa mabilis na pagbabago sa larangan ng edukasyon.

Conclusions

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, napag-alaman na mataas ang antas ng kahandaan ng mga guro sa sekondarya sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa makabagong panahon. Ipinakita ng resulta na ang mga guro ay may sapat na kaalaman at kasanayan sa paggamit ng mga makabagong estratehiya at teknolohiya sa pagtuturo, tulad ng paggamit ng contextualized examples, performance-based assessment, multimedia presentations, educational applications, at online platforms. Ipinapahiwatig nito na ang mga guro ay nakasasabay sa mabilis na pagbabago sa sistema ng edukasyon at may kakayahang gawing mas interaktibo at makabuluhan ang proseso ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

Natuklasan din na karamihan sa mga gurong kalahok ay may sapat na karanasan sa pagtuturo, may espesyalisasyon sa Filipino, at nagpapatuloy sa kanilang propesyonal na pag-unlad sa pamamagitan ng graduate studies. Ipinapakita nito na ang akademikong

paghahanda at patuloy na paglinang ng kakayahan ay mahalagang salik upang mapanatili ang mataas na kalidad ng pagtuturo.

Higit pa rito, ipinakita ng pag-aaral na walang makabuluhang ugnayan ang edad, kasarian, kurso, at major sa antas ng kahandaan ng mga guro. Gayunpaman, lumabas na may makabuluhang ugnayan ang natamong edukasyon at taon sa pagtuturo sa kanilang kahandaan sa pagtuturo ng Filipino sa makabagong panahon. Ipinapahiwatig nito na ang mas mataas na antas ng edukasyon at patuloy na propesyonal na pag-unlad ay may positibong impluwensya sa kakayahan ng mga guro na makaangkop sa mga pagbabago sa edukasyon.

Sa kabuuan, maituturing na handa ang mga guro sa sekondarya sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa makabagong panahon. Gayunpaman, mahalaga pa ring ipagpatuloy ang pagbibigay ng mga pagsasanay, seminar, at professional development programs upang higit pang mapaunlad ang kanilang kakayahan sa paggamit ng makabagong teknolohiya at mga estratehiya sa pagtuturo. Sa pamamagitan nito, masisiguro ang patuloy na pagpapabuti ng kalidad ng edukasyon sa Filipino at ang mas epektibong paghubog sa kaalaman, kasanayan, at pagpapahalaga ng mga mag-aaral..

Recommendations

Batay sa mga natuklasan at konklusyon ng pag-aaral, inirerekomenda ang mga sumusunod:

Para sa mga Guro ng Filipino. Ipagpatuloy ng mga guro ang pagpapalawak ng kanilang kaalaman at kasanayan sa paggamit ng mga makabagong estratehiya at teknolohiya sa pagtuturo. Mahalagang maging bukas sila sa mga bagong pamamaraan ng pagtuturo upang higit pang mapahusay ang pagkatuto at partisipasyon ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

Para sa mga Tagapamahala ng Paaralan. Maglunsad ng tuloy-tuloy na seminar, workshop, at in-service training na nakatuon sa integrasyon ng teknolohiya, digital literacy, at makabagong pedagogical approaches sa pagtuturo ng Filipino. Mainam ding magbigay ng sapat na kagamitan at teknolohikal na suporta upang maging mas epektibo ang pagtuturo ng mga guro.

Para sa Department of Education at mga Gumagawa ng Polisiya. Palakasin pa ang mga programang propesyonal na pagpapaunlad para sa mga guro, lalo na sa larangan ng paggamit ng makabagong teknolohiya at digital teaching strategies. Maaari ring magbigay ng scholarship, research grants, at iba pang insentibo upang mahikayat ang mga guro na magpatuloy sa graduate at doctoral studies.

Para sa mga Gurong Matagal na sa Serbisyo. Bigyang-pansin ang pangangailangan ng mga beteranong guro sa pag-angkop sa makabagong sistema ng edukasyon sa pamamagitan ng regular na training at mentoring programs. Makakatulong ito upang

mapanatili at mapalawak ang kanilang kakayahan sa paggamit ng mga bagong teknolohiya at estratehiya sa pagtuturo.

Para sa mga Paaralan at Institusyon. Hikayatin ang kolaborasyon at knowledge-sharing sa pagitan ng mga guro upang maibahagi ang mga epektibong estratehiya at pinakamahusay na praktis sa pagtuturo ng Filipino. Ang pagkakaroon ng collaborative learning environment ay makatutulong sa patuloy na pagpapabuti ng kalidad ng pagtuturo.

Para sa mga Susunod na Mananaliksik. Magsagawa pa ng mga kaugnay na pag-aaral na may mas malawak na saklaw ng mga kalahok at lugar upang higit pang mapagtibay ang resulta ng pag-aaral. Maaari ring suriin ang iba pang salik na maaaring makaapekto sa kahandaan ng mga guro tulad ng digital competence, institutional support, at access sa technological resources.

Para sa Recruitment at Teacher Development Programs. Hikayatin ang pagpasok ng mas maraming bagong graduate at mga gurong may iba't ibang espesyalisasyon sa larangan ng pagtuturo ng Filipino upang magkaroon ng sariwang pananaw, inobasyon, at mas malawak na integrasyon ng teknolohiya at interdisciplinary approaches sa pagtuturo..

Compliance with Ethical Standards

Ang pananaliksik na ito ay isinagawa nang may pagsunod sa mga pamantayang etikal upang matiyak ang proteksyon, kaligtasan, at karapatan ng mga kalahok. Bago isinagawa ang pangangalap ng datos, humingi muna ng pahintulot ang mga mananaliksik mula sa mga kinauukulang opisyal ng paaralan upang maging pormal at legal ang pagsasagawa ng pag-aaral.

Ang lahat ng mga kalahok ay binigyan ng malinaw na paliwanag tungkol sa layunin, proseso, at kahalagahan ng pananaliksik. Binigyang-diin din na ang kanilang paglahok ay boluntaryo lamang at maaari silang umatras anumang oras nang walang anumang kaparusahan o negatibong epekto. Isinagawa rin ang informed consent upang matiyak na lubos nilang nauunawaan ang kanilang partisipasyon sa pag-aaral.

Tiniyak ng mga mananaliksik ang pagiging kumpidensyal at pagiging pribado ng lahat ng impormasyong nakalap mula sa mga tagatugon. Ang kanilang mga pangalan at personal na impormasyon ay hindi isinama o ibinahagi sa anumang bahagi ng pag-aaral. Ang mga datos na nakalap ay ginamit lamang para sa layuning akademiko at pananaliksik.

Sinikap din ng mga mananaliksik na maging tapat, obhetibo, at walang kinikilingan sa buong proseso ng pananaliksik, kabilang ang pangangalap, pagsusuri, at interpretasyon ng datos. Lahat ng sanggunian at ideyang ginamit sa pag-aaral ay wastong kinilala upang maiwasan ang plagiarism at mapanatili ang integridad ng pananaliksik.

Sa kabuuan, ang pag-aaral na ito ay isinagawa alinsunod sa mga etikal na pamantayan sa pananaliksik upang mapanatili ang kredibilidad, pagiging mapagkakatiwalaan, at paggalang sa karapatan ng bawat kalahok.

REFERENCES

- Buenviaje R. (2021). Kahandaan Ng mga Guro Na nagtuturo Ng asignaturang Filipino Sa paggamit Ng Google classroom. *EPRA International Journal of Research & Development (IJRD)*, 424-436. <https://doi.org/10.36713/epra7754>
- Cloribel, L. M. M., Dewetes, J. R. B., Eugenio, J. are B., Sacote, L. M. C., & Quiño-Justol, J. B. (2026). ANTAS NG EPEKTO NG KAPALIGIRANG PAMPAGKATUTO SA SILID- ARALAN SA ANTAS NG PAGKATUTO NG MGA MAG-AARAL SA ASIGNATURANG FILIPINO. *Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research*, 4(2), 70–94. <https://doi.org/10.5281/zenodo.18525141>
- D. BANAGAN, C. (2023). Vark: Istratehiyang ginagamit Ng mga Guro Sa pagtuturo para Sa kasanayan Sa pagkatuto at performans Ng mga mag-aaral Sa Filipino. *International Journal of Research Publications*, 123(1). <https://doi.org/10.47119/ijrp1001231420234825>
- De Mesa, A. (2022). Mga karanasan Ng mga Guro Sa baitang 3 Sa pagtuturo Ng mother tongue gamit ang Ortograpiyang Waray Ng Komisyon Sa Wikang Filipino. *International Journal of Research Studies in Education*, 11(1). <https://doi.org/10.5861/ijrse.2022.208>
- Dela Peña, J. (2023). Pagtataya Sa saloobin Ng mga Guro Sa pagtuturo Ng Filipino Sa pagpapatupad Ng kurikulum K to 12. *EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR)*, 41-46. <https://doi.org/10.36713/epra12356>
- Indita R., Joan S. Bacabac, Arriane Jane B. Mabahin, Jassel Angel Abuda, & Annabelle L. Balderian. (2025). Antas Ng kahandaan Ng mga gurong magsasanay Sa pagtuturo Ng Filipino. *EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR)*, 302-313. <https://doi.org/10.36713/epra20600>
- Israel, L., & Villanueva, D. (2026). Estratehiya Ng mga Guro at Kakayahang Panggramatika Ng mga mag-aaral Sa Filipino 10. *International Journal For Multidisciplinary Research*, 8(3). <https://doi.org/10.36948/ijfmr.2026.v08i03.77997>
- Iyang, W. (2025). Kahalagahan Ng Wikang Filipino Sa Pagtuturo Ng Mga Guro Ng Mindanao state university- Sulu Ng Batayang Kaalaman. *Journal of Education and Academic Settings*, 2(1), 1-22. <https://doi.org/10.62596/nva2nk15>
- JAYANI, P. (2025). Pagsuri Ng Paggamit Ng Palit Koda Sa Pagkatuto Sa Asignaturang Filipino Ng mga mag-aaral Ng Mindanao state University-Sulu senior high school. *Journal of Education and Academic Settings*, 2(1), 1-19. <https://doi.org/10.62596/8a47r042>
- Martija, K. P. (2024). Ang Karanasan Ng mga piling Dalubguro Ng PUP Departamento Ng Kasaysayan Sa Pagtuturo Ng Asignaturang readings in Philippine history Sa Panahon Ng Pandemya. *Malay Journal*, 36(2). <https://doi.org/10.59588/2243-7851.1016>

- Noval, A. (2023). Ang Guro bilang Frontliner: Karanasan Ng mga Guro Sa Filipino Sa Panahon Ng Pandemya. *The Normal Lights*, 15(2). <https://doi.org/10.56278/tnl.v15i2.1757>
- Ompoc, E. J. (2023). Antas Ng kakayahan Ng mga Guro Sa Filipino Sa paglinang Ng mga kasanayan Sa pagtuturo Ng komunikasyon at pananaliksik Sa senior high school. *International Journal of Research Studies in Education*, 12(5). <https://doi.org/10.5861/ijrse.2023.2016>
- Paja, J. A. A., Brigoli, Y. K. E., Candido, J. L., & Quiño-Justol, J. B. (2025). ANG EPEKTO NG PANGUNGUPAHAN SA AKADEMIKONG PAGGANAP SA ASIGNATURANG FILIPINO NG MGA MAG-AARAL SA BACHELOR OF SECONDARY EDUCATION. *Ignatian international journal for multidisciplinary research*, 3(11), 254–265. <https://doi.org/10.17613/ky54j-yn248>
- Quiño-Justol, J. (2024). Perspectives of teachers on the integration of assistive technology in higher education inclusive classrooms in the Philippines: Importance, benefits, social support, and challenges. *Journal of Interdisciplinary Perspectives*, 2(12). <https://doi.org/10.69569/jip.2024.0428>
- Sancon, C. (2025). Antas Sa Paggamit Ng Integrasyon Sa mga Estratehiya Sa Pagtuturo Ng Filipino Sa Tersyarya. *Journal of Multidisciplinary in Education*, 1(2), 1-10. <https://doi.org/10.63305/620783>

APA Citation:

Avila, J. E. D., Bingcolado, C. M., Cabanayan, J. A. E., Mandriza, R. P., Quiño-Justol, J. B., Amora, L. F. C., & Cagmat, M. C. S. (2026). ANTAS NG KAHANDAAN NG MGA GURO SA SEKONDARYA SA PAGTUTURO NG ASIGNATURANG FILIPINO SA MAKABAGONG PANAHON. *Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research*, 4(5), 2244–2261. <https://doi.org/10.5281/zenodo.20365405>

Corresponding author: avila.judeearl@gmail.com